



PATNUBAY SA MISA



13 Hulyo 2014


Ika-15 Linggo sa Karaniwang Panahon

Taong A

ANG KADAKILAAN NG SALITA NG DIYOS

*N*abubuhay tayo sa gitna ng sala-salabat na mga salitang malimit na nagkukubli, sa halip na maghayag, ng tunay na iniisip ng tao. May mga salita ring higit na nakasusugat ng puso kaysa tunay na mga sibat, nakasisira ng karangalan, nakapagpapagalit, o nakalikha ng iba pang anyo ng kapahamakan sa tao.

Ang Salita ng Diyos ay ibang-iba rito. Tulad ito ng ulang nakapagpapataba ng lupa, o ng binhing nagbubunga ng masaganang ani. Ngunit walang anumang nangyayari nang gayun-gayon lamang, pagkat ang ating kalayaan ay hinahamong gumanap sa pakikipagtulungang magbungang magaling sa buhay ng lahat ng santo. Ngayon, tayo ay hinahamon para mapagbunga natin ang Salita ng Diyos na ipahahayag sa pagdiriwang ng Eukaristiya.



PASIMULA



Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Akong iyong pinatawad, sa iyo'y makahaharap nang mukha mo ay mamalas. Sa piling mo'y magagalak pag liwanag mo'y sumikat.

Pagbati

P – Ang banayad at mabungang bisa ng Salita ng Diyos ay sumainyong lahat!

B – At sumaiyo rin!

Pagsisisi

P – Natitipon bilang mag-anak ng Diyos sa pagtugon sa Kanyang paanyaya, ating unawain ang pangangailangan nating mapatawad at mapalakas. *(Manahimik saglit.)*

P – Para sa kapabayaan nating dumulog nang marapat sa Hapag ng Salita ng Diyos, o sa pagturing ditong isa lamang karaniwang salita ng tao, Panginoon, kaawaan mo kami!

B – Panginoon, kaawaan mo kami

P – Para sa paghadlang nating magkabisa ang Salita ng Diyos

sa ating buhay dahil sa mali nating pagpapahalaga't kulang na pagsisikap sa mabuting gawa, Kristo, kaawaan mo kami!

B – Kristo, kaawaan mo kami!

P – Para sa kapabayaan nating ibahagi ang Salita ng Diyos sa ating kapwa at kapabayaang ipahayag ito sa buhay ng tunay na Kristiyanong pamayanan, Panginoon, kaawaan mo kami!

B – Panginoon, kaawaan mo kami!

P – Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B – Amen!

Papuri

B – Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamat ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sa-pagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

Panalang Pambungad

P – Ama naming makapangyarihan, nililiwanagan ng iyong maasahang ilaw ang mga naliligaw na iyong pinababalik sa daan para ikaw ay matagpuan. Ang mga kabilang sa nananalig sa iyong Anak ay pagkalooban mong makapagwaksi sa tanang salungat sa ngalang Kristiyanong sa iyo'y tinanggap upang ito ay talagang mapangatawanang ganap sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B – Amen!

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa Isa 55:10-11

Ang Salita ng Diyos ay banayad at makapangyarihan, gaya ng ulang ikinapagiging sariwa at mabunga ng ating lupa. Ganito ang matalinghagang larawan ng Salita ng Diyos bilang tagapagbadya ng gayon ding banayad na larawan ng binhi sa parabula sa Ebanghelyo ngayon.

L—Pagpapahayag mula sa Aklat ni Propeta Isaias

Ito ang sinasabi ng Panginoon: “Ang ulan at niyebe paglagpak sa lupa’y di na nagbabalik, aagos na ito sa balat ng lupa’t nagiging pandilig, kaya may pagkai’t butil na panghasik. Ganyan din ang aking mga salita, magaganap nito ang lahat kong nasa.”

Ang Salita ng Diyos!

B—Salamat sa Diyos!

Salmong Tugunan Awit 64

B—Nagbunga nang masagana, binhi sa mabuting lupa!

R. M. Velez



Nag-bu-nga nang masa- ga-na,



bin- hi sa ma-bu-ting lu- pa!

* Umuulan sa lupain, ganito mo kinalinga, umuunlad ang lupai’t tumataba yaong lupa; patuloy na umaagos ang bigay mong mga batis, sa halamang nasa lupa, ay ito ang dumidilig; ganito ang ginawa mo na hindi mo ikinait. **B.**

* Sa binungkal na bukirin ang ulan ay masagana, ang bukirin ay matubig, at palaging basang-basa; sa banayad na pag-ulan ay lumambot yaong lupa, kaya naman pati tanim ay malago at sariwa. **B.**

* Nag-aani nang marami sa tulong mong ginagawa, at saanman magpunta ka’y masaganang-masagana. Ang pastula’y punung-puno ng matabang mga kawan, naghahari yaong galak sa lahat ng kaburulan. **B.**

* Gumagala yaong tupa sa gitna ng kaparangan, at hitik na hitik mandin ang trigo sa kapatagan; ang lahat ay umaawit, sa galak ay sumisigaw! **B.**

Ikalawang Pagbasa Ro 8:18-23

Ayon kay Pablo, lahat tayo’y nakalaan para sa kadakilaang pinananabikan nating lahat at inaasahang pakikinabangan. Lahat ng ito ay bahagi ng “Bagong Langit at Bagong Mundo” na ipagkakaloob ng Diyos sa katuparan ng Kanyang plano.

L—Pagpapahayag mula sa Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Roma

Mga kapatid: Sa ganang akin, ang mga pagtitiis sa kasalukuyan ay hindi maihahambing sa ihahayag na kaluwalhati pang sasaatin. Nananabik ang sangnilikha na ihayag ng Diyos ang kanyang mga anak.

Nabigo ang sangnilikha, hindi sa kagustuhan nito, kundi dahil sa ito ang niloob ng Diyos. Gayunman, may pag-asa pa, sapagkat ang sangnilikha ay palalayain sa pagkaalipin nito sa kabulukan, at makakahati sa maluwalathing kalagayan ng mga anak ng Diyos. Alam natin na hanggang ngayon ang sangnilikha ay dumaraing sa paghihirap.

Hindi lamang sila! Tayo mang tumanggap ng Espiritu bilang unang kaloob ng Diyos ay napapahimutok samantalang hinihintay natin ang pag-aampon sa atin ng Diyos, ang pagpapalaya sa ating mga katawan.

Ang Salita ng Diyos!

B—Salamat sa Diyos!

Aleluya

B—Aleluya! Aleluya!

Salita ng D’yos ang buto na tanim ni Hesukristo upang tumubo sa tao.

Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita Mt 13:1-9

Hinahamon tayo ng Parabula ng Manghahasik na magnilay sa kung paano natin tinatanggap ang Salita ng Diyos sa ating mga puso at kung paano natin ito pinamumunga sa ating buhay. Dakila man ang Salita ng Diyos, di ito gaanong magbubunga o maaaring masayang kung di tayo makikipagtulungan.

P—Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Mateo **B**—Papuri sa iyo, Panginoon!

Noon ding araw na iyon, si Hesus ay lumabas ng bahay at naupo sa tabi ng lawa. Pinagkalipumpunan siya ng makapal na tao, kaya sumakay siya sa isang bangka at doon naupo. Nasa dalampasigan naman ang mga tao.

At nagturo siya ng maraming bagay sa pamamagitan ng mga talinghaga. “May isang magsasakang lumabas upang maghasik. Sa kanyang paghahasik ay may binhing nalaglag sa tabi ng daan. Dumating ang mga ibon at tinuka ang mga iyon. May binhi namang nalaglag sa kabatuhan. Sapagkat manipis lang ang lupa roon, sumibol agad ang binhing iyon, ngunit nang mapabilad sa matinding sikat ng araw ay natuyo, palibhasa’y walang gaanong ugat. May binhi namang nalaglag sa dawagan; lumago ang mga dawag at ininis ang mga iyon.

Ngunit ang binhing nalaglag sa mabuting lupa ay nag-uhay: may tigsasandaan, may tigaaninmapu, at may tigtatatlumpung butil ang bawa’t uhay. Ang may pandinig ay makinig!”

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B—Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!

Homiliya

Sumasampalataya

B—Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkawatang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P—Pinasisigla ng pagpapahayag at pagpapaliwanag ng Salita ng Diyos, tumugon tayo nang buong

pasasalamat at kapangakuang isabuhay ang turo ng Panginoon. Maging tugon natin ay:

B-Pinupuri't pinasasalamatan Ka namin, Panginoon!

* Para sa kaloob na Salitang inihabilin sa Simbahan bilang kanyang bukal ng inspirasyon at sanggunian sa pag-akay sa mga tao tungo sa katotohanan, manalangin tayo!
B.

* Para sa kaloob na Salitang ipinaabot sa atin sa pamamagitan ng Santo Papa, mga Obispo, pari, at lahat nating gabay na espirituwal, sa tulong ng Espiritu Santo, manalangin tayo!
B.

* Para sa kaloob na Salitang nagbubuklod at nagpapatibay sa ating mga pamayanan bilang mga buhay na sangkap ng lipunan at pantulong sa pangangaral, manalangin tayo!
B.

* Para sa kaloob na Salitang sa bawat siglo'y ikinapagsisimula ng mga bagong kilusan at pagsisikap para sa ikasisigla ng Simbahan at ng buong mundo, manalangin tayo!
B.

* Para sa kaloob na Salitang nagpapanumbalik ng pagkakasundo ng mga bansa, pangkat, at mag-anak, at ikinapapayapa ng ating mga puso sa katapusan ng bawat araw, manalangin tayo!
B.

* Para sa kaloob na Salitang nakaaaliw sa mga agaw-buhay sa pamamagitan ng pangako ng buhay na walang hanggan para sa pinakasimple man nilang pagkakawanggawa, manalangin tayo!
B.

* Para sa kaloob na Salitang gumaganyak sa kabataan para magpatotoo kay Kristo, lalo na sa Ika-6 na Pang-Asyanong Araw ng Kabataan sa Agosto 10-17, manalangin tayo!
B.

* Tahimik nating alalahanin ang ilan sa mga tanging kaloob na naidulot ng Salita ng Diyos sa atin at sa mga mahal natin. (*Manahimik saglit.*) Manalangin tayo!
B.

P -Panginoong Diyos, pinupuri Ka nami't pinasasalamat sa pakikipag-usap Mo sa amin sa Banal na Kasulatan at sa buhay na Tradisyon ng Simbahan. Tulutan

Mong lagi naming maunawaan nang tama ang Iyong mensahe at agad namin itong tupdin. Ikaw na nabubuhay at naghahari magpakailanman.

B -Amen!

PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN



P -Manalangin kayo . . .

B -Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P -Ama naming Lumikha, tung-hayan mo ang mga alay ng iyong sumasamong Sambayanan at tanggapin mo ang mga ito para madagdagan ang iyong kabangalan sa mga nananalig na tunay sa pamamagitan ni Hesuskristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B -Amen!

Prepasyo VI

P -Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamat.

Nasa iyo ang aming buhay, pagkilos at pag-iral. Sa pamumuhay namin araw-araw tinatamasa namin ang iyong pagmamahal. Sa pag-ibig mong ipinunla sa sangkatauhan ang Espiritu Santo'y unang aning bigay ng Anak mong naglagak sa amin ng katiyakang nakalaang mabuhay kami sa piling mo kailanman.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B -Santo, santo, santo Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan!

Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan!

Pagbubunyi

B -Sa krus mo at pagkabuhay kami'y natubos mong tunay, Poong Hesus naming mahal, iligtas mo kaming tanan ngayon at magpakailanman.

PAKIKINABANG



B -Ama namin . . .

P -Hinihiling namin . . .

B -Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

B -Kordero ng Diyos . . .

Paanyaya sa Pakikinaabang

P -Ito si Hesus, ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

B -Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona ng Pakikinaabang

(*Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.*)

Mga mayang nagpupugad sa templo mo'y nagagalak. Panginoon, silang lahat sa piling mo bawat oras ay talagang mapapalad.

Panalangin Pagkapakinabang

P -Ama naming mapagmahal, kaming mga pinapagsalo mo sa piging na banal ay makatatanggap nawa ng bungang karagdagan ng iyong pagliligtas na aming ipinagdiriwang sa pamamagitan ni Hesuskristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
B -Amen!

PAGWAWAKAS



P -Sumainyo ang Panginoon.

B -At sumaiyo rin!

P -Magsiyuko kayo at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. (*Tumigil saglit.*)

Tulutan nawa ng Panginoong kayo'y maging bukas sa Kanyang Salita at pagkalooban kayo ng biyayang mapagbunga ninyo ito sa inyong buhay.

B -Amen!

P -Gantimpalaan nawa kayo ng Panginoon sa inyong pakikipagtulungan sa pagpapalaganap ng Kanyang Salita at sa pag-akay sa iba upang

tanggapin ito sa kanilang mga puso.

B – Amen!

P – Lagi nawa kayong maging bukas sa inspirasyon ng Espiritu Santo at pagsikapan itong tupdin.

B – Amen!

P – Pagpalain kayo ng makapang-yarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

B – Amen!

P – Humayo kayo sa kapayapaan upang mahalín at paglingkuran ang Panginoon.

B – Salamat sa Diyos!

Para sa karagdagang impormasyon at mga promo:



Word & Life Publications

ANG SALITA NG DIYOS SA ATING BUHAY

Ang Salita ng Diyos ay kabahagi ng **Kanyang kapangyarihang malikhain at mapagpagaling**. “Sa utos ng Panginoon, nalikha ang langit” (Aw 33:6). At nang nagkatawag-tao ang Salita, ang mga salitang binigkas niya ay nagkabisang di taglay ng alin mang salita ng tao. Napayapa nito ang bagyo (sangguniin Mt 8:23); napagaling ang mga maysakit (sangguniin Lu 17:11-14); binuhay ang mga namatay (sangguniin Lu 7:11-17; Mt 5:41 at Jn 11:43f); sinupil ang demonyo (sangguniin Mc 1:25-27). Sa bisa ng kanyang salita, ang tinapay at alak ay naging at nagiging tunay niyang katawan at dugo!

Ang salita ni Kristo ay nakapagpapabago ng mga tao: ang isang mamamalakaya ay naging pinuno ng Simbahan (*si Pedro*); ang isang tagapag-usig ay naging isang masigasig na alagad (*si Pablo*); ang isang makasalanan ay naging tagapagbalita ng Muling Pagkabuhay (*si Maria Magdalena*) . . .

Nakapunta sa mga puso ng tao, ang salita ni Kristo ay may kakayahang gumawa ng mga kamanghaan. Gayunman, ito ay maaari lamang magbunga kung at *alinsunod* sa ibig nating maging pamumunga nito. **Ang pamumunga nito ay alinsunod sa ating pagtugon** – sa ating pagiging bukas, katapatan, pagiging bukas-palad, pagsisikap . . .

Ang dakilang pagbabago nina Pedro, Pablo, Maria Magdalena, at marami pang iba ay maaaring maging sarili rin nating karanasan, kung iibigin natin. Salamat sa bisa ng Salita, sa kabila ng ating kahinaan, maaari tayong maging dakila at sa gayo’y gawing tunay ang Kaharian sa atin at sa ating paligid. Ngunit kung tayo’y mapagmataas, pabagu-bago, pabaya, at matigas ang kalooban . . ., maaaring mauwi sa wala ang banal na bisa ng Salita dahil sa ating kahinaan at kasamaan.

Ngayon, tulad ng sa paglikha ng sanlibutan at ng may 2,000 taon nang nakalilipas, ipinadadala sa atin ng Diyos ang Kanyang Salita. **Nasa atin na kung masagana nating pamumungahin ito, yamang ito’y may ganitong kapangyarihan.**

Subalit ang mensahe para ngayon ay may higit pa sa isang hamon para mapagbunga natin ang binhi

ng Salita ng Diyos sa ating buhay.

Ang isa pang bahagi ng mensahe ay tungkol sa manghahasik – ang misyong ipinag-aanyaya sa atin. Bahagi ito ng ating pagiging disipulong inaasahang maging alagad, anupa’t mananampalatayang tagapagpahayag ng Salita. **Lahat tayo ay tinatawag di lamang para tanggapin at pahalagahan ang Salita ng Diyos sa ating mga puso at pagbungahin ito nang sagana sa ating buhay, kundi para ipunla rin ito sa mga puso ng ibang tao.** Nangangailangan ito ng pananalig, pag-asa, kababaang-loob, at optimismo ng manghahasik.


Ang manghahasik ay nagpupunla nang buong pananalig pagkat naniniwala siyang ang binhi ay may kakayahang tumubo, at ang lupang tinamnan ay may kakayahan ding magpatubo’t magpalago. Dapat tayong magkaroon ng gayon ding tibay ng pananalig sa papapakilala natin ng Salita ng Diyos sa ating kapwa.

Nagpupunla ang manghahasik kahit na tagtuyot, sa pag-asang uulan at ang tigang na lupa’y pag-aanihan din nang sagana. Tayo man ay dapat **magpatuloy sa pangangaral ng Salita nang buong pag-asa, kahit na wala tayong makitang tanda ng magandang pagtugon. Mahaba ang buhay ng Salita ng Diyos. Magbunga ito sa oras at sa mga paraang di natin napapansin.**

Pananalig at pag-asa, kapag nagsama, ay nagbunga ng optimismo: ang optimismo ng isang marunong maghintay sa pag-ulan, pagsikat ng araw, at paghihiip ng hangin . . .

hanggang sumapit ang panahon ng anihan, alinsunod

sa sariling panahon ng Diyos . . .



Maraming salamat po sa inyong lahat!



WORD & LIFE PUBLICATIONS

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 894-5401; 894-5402; 892-2169 • Telefax: 894-5241 • Website: www.wordandlife.org

E-mail: marketing@wordandlife.org, wordandlifepublications@gmail.com • FB: Word & Life Publications

Editorial Team: Fr. S. Putzu, C. Valmonte, Sr. F. Santos, SMI, G. Ramos, R. Molomog, D. Daguio, V. David, M. Navajas • Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Circulation: F. Edjan